Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG OKTUBRE 5, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT | ..... | PANGALAWANG PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. de Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Romulo A. Elca | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Angelito U. Limjuco | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Oscar F. Feliciano | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ..... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | .. | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

### KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 22-T2009

**KAUTUSANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET BLG. 2 NA NAGKAKAHALAGA NG WALONG DAAN WALUMPU'T DALAWANG LIBO SIYAMNARAAN WALUMPUNG PISO (Php882,980.00) PARA SA KILOS-ASENSO SUPPORT FUND UPANG MAGSILBING KABAHAGI (COUNTER PART) NG PAMAHALAANG NASYUNAL SA PAGTULONG SA MGA PROGRAMA AT PROYEKTO NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA SA ILALIM NG KILOS-ASENSO PROGRAM.**

**SAPAGKA'T,** may pagliliwat sa sangguniang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan Ariel T. Magcalas hinggil sa pagpapatibay ng karagdagang badyet, ayon sa isinasaad sa itaas nito;

**SAPAGKA'T,** ito ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at malaman ang kabutihang maidudulot ng Kilos-Asenso Program sa pagsuporta ng pamahalaang nasyunal sa mga programa at proyekto ng bayang ito ay iminungkahi ng Tagapamuno ng Lupon sa Panalapi na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Louie C. de Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Isagani R. Malapaya at Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang sumusunod na:

**SEKSYON 1** - Pinagtitibay ang Karagdagang Badyet Blg. 2 na nagkakahalaga ng Php882,980.00 para sa Kilos-Asenso Support Fund upang magsilbing kabahagi (counter part) ng pamahalaang nasyunal sa pagtulong sa mga programa at proyekto ng bayan ng Santa Cruz, Laguna sa ilalim ng Kilos Asenso Program.

**SEKSYON 2** - Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kautusang ito ang Kagalang-galang Sangguniang Panlalawigan, Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at Pambayang Inhinyero, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**
**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

LOUIE C. DE LEON
Kagawad

RAMON D. TAN
Kagawad

**JUN M. ASINAS**
Kagawad

**ROMULO A. ELCA**
Kagawad

**LAURA P. OBLIGACION**
Kagawad

**ROSELON F. PAMATMAT**
Kagawad

**ANGELITO U. LIMJUCO**
Kagawad

**OSCAR F. FELICIANO**
Kagawad

**ISAGANI R. MALAPAYA**
Kagawad

**JOHN CARLOS C. DELOS REYES**
Kagawad

NAGPATOTOO:

**ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan